# 4

# CCF DNA

FILIPINO

GLC ESSENTIALS

GLC ESSENTIALS

**BOOK 4: CCF DNA (Filipino)**

Copyright © 2017 by Global Leadership Center

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means - electronic, mechanical, photocopy, recording, or any other, without the prior permission of GLC.

# TALAAN NG NILALAMAN

**Paunang Salita** pahina 5

**Paano Gamitin ang *Workbook*** pahina 6

**Unang Sesyon: Misyon at Pangitain** pahina 9

**Ikalawang Sesyon: Ang Estratehiya ng CCF** pahina 17

**Ikatlong Sesyon: Pangunahing Pinahahalagahan 1** pahina 25

**Ikaapat na Sesyon: Pangunahing Pinahahalagahan 2** pahina 33

**Pagkakasapi sa CCF (CCF Membership)**
- Membership Survey Form
- Kasunduan ng Pagkakasapi *(Membership Covenant)* pahina 47

**Ano ang Susunod?** pahina 51

**Appendix A:** Mga Kasagutan *(Answer Key)* pahina 52

**Appendix B:** Pahayag ng Pananalig ng CCF *(Statement of Faith)* pahina 55

# PAUNANG SALITA

Maaaring sa ngayon ay nauunawaan mo na, na tayo ay kabilang sa isang iglesya ng mga masusugid na alagad ni Kristo (Christ-committed followers) na magsisigawa ng mga masusugid na alagad ni Kristo sa konteksto ng isang maliit na grupo (small groups). Bakit ba ito ang ating nangingibabaw na kultura? Dito sa Book 4: CCF DNA, matatagpuan mo ang mga dahilan sa likod ng ating mga prayoridad bilang isang iglesya. Iyo ring mababatid ang layunin ng Diyos sa kanyang pagtawag sa bawat isa Niyang alagad o disipulo (Christ-follower) na dapat tuparin dito sa mundo.

Sa modyul (module) na ito, iyong matututunan ang Misyon (Mission), Pangitain (Vision) at ang mga Pangunahing Pinahahalagahan (Core Values) ng CCF. Ikaw rin ay haharap sa hamong sundin ang kautusan o komisyon (commission) ni Kristo para sa lahat ng Kanyang mga alagad o tagasunod - *"na gawing alagad ang lahat ng bansa"*. Ang mga tao ng Diyos ay may pinakamataas na pribilehiyo na lumahok sa misyon ng Diyos, isakatuparan ang Kanyang pangitain at isabuhay ang mga nakabatay sa Bibliyang mga pangunahing pinahahalagahan, hindi lamang bilang mga indibidwal kundi bilang mga masusugid na miyembro ng isang simbahang lokal tulad ng CCF. Katulad ng mga magulang na ipinapasa ang kanilang 'DNA' sa susunod na henerasyon, ganoon din natin ipinapasa sa ating mga "anak na espirituwal" ang DNA ng CCF na ating isinasakatawan at isinasabuhay. Kaya't tayo na, iwasan na natin ang anomang pag-antala at kumilos na patungo sa susunod na estasyon sa ating paglalakbay sa pagsunod kay Hesus!

# PAANO GAMITIN ANG WORKBOOK

Ang “workbook” na ito ay para sa pag-aaral ng “GLC Essentials CCF DNA Book 4”. Ito ay maaaring gamitin na gabay sa pag-aaral ng Bibliya sa mga malilit na grupo (small groups).

Tandaan na ang proseso ng pagkatuto ay higit pa sa pag-alam lamang ng mga tamang kasagutan sa mga blangkong puwang sa “*workbook*” na ito. Ang pagsunod sa mga katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng natutunan (life application) ang higit na mahalaga. Sa ating paggamit sa mga natutunan sa “Book 4: CCF DNA,” ating maranasan ang mas taimtim na pagkakalapit kay Hesus at mas mabungang buhay para sa Kanyang kaluwalhatian.

Kung ikaw ay isang “small group servant/facilitator”, ang kailangan mo lang gawin ay tiyakin na nauuna kang magsagawa ng iyong sariling pag-aaral ng Bibliya gamit ang workbook na ito bilang paghahanda bago ang iyong grupo ay magtatagpo. Hikayatin ang mga miyembro ng iyong grupo na magkaroon ng kanya-kanyang kopya ng “workbook”. Huwag baguhin o ilihis ang tinuturong paksa – gamitin at sundin kung ano ang nakasaad sa workbook.

Kasama sa workbook ang “Bible lesson” at pang-isahan at panggrupong mga gawaing pag-aaral, upang tulungan kang ganap na maging kapakipakinabang ang inyong pagtitipon. May apat na bahagi ang bawat sesyon: Explore (Pagsasaliksik), Examine (Pagsusuri), Express (Pagpapahayag) at Experience (Pagsasabuhay).

- **Pagsasaliksik (Explore) -** naglalaman ng mga gawaing pang-isahan o panggrupo para tulungan kang maghanda sa pag-aaral ng Bibliya.
- **Pagsusuri (Examine) -** dito isinasagawa ang Bible lesson kasama ang bawat miyembro ng inyong grupo.
- **Pagpapahayag (Express) -** sa bahaging ito, ang bawat miyembro ng grupo ay may pagkakataon na ipahayag ang kanilang pananaw, mga tanong at kaisipan tungkol sa Bible lesson. Ito ay magagawa nila sa pamamagitan ng pagsusulat, pagguhit o “doodling” at ibahagi ito sa lahat.

- **Pagsasabuhay (Experience) -** ito ay ginagawa sa labas ng oras ng inyong pagtitipon. May iminumungkahing pang-isahan o panggrupong "Life Apps" na inaasahang makakatulong upang maranasan ang pagbabago ng buhay habang isinasabuhay ang katotohanan ng Diyos sa mga praktikal na pamamaraan.

Sa iyong pagsisimula, sana ay tandaan na ang workbook na ito ay isa lamang kasangkapan na ginawa para tayo ay makagawa ng mga disipulo. Kailangan nating umasa sa Espiritu Santo na turuan tayo sa katotohanan ng Diyos at baguhin ang ating mga puso at sa ating mga disipulo habang ating pinag-aaralan ang modyul.

UNANG SESYON

# MISYON AT PANGITAIN

# PAGSASALIKSIK
(EXPLORE)

**PUZZLE MUSCLE**

Gumawang magkasama bilang isang grupo at nang hindi nakatingin sa talata ng Bibliya, baguhin ang ayos ng mga salita at mga parirala sa ibaba upang mabuo ang pahayag ng Dakilang Komisyon na ibinigay ni Hesus sa Kaniyang mga matatapat na alagad bago Siya umakyat sa langit (Mateo 28:19-20).

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bautismuhan ninyo sila | sumunod sa lahat | Kaya't humayo kayo | katapusan ng kapanahon |
| at narito | at | ng Ama | turuan ninyo sila |
| at ng Anak | Ako'y laging kasama ninyo | | sa pangalan |
| hanggang sa | at gawin ninyong alagad | | ang mga tao sa lahat ng mga |
| at ng Espiritu Santo. | | na aking iniuutos sa inyo | |

Isulat ang mga parirala at mga salita sa tamang kaayusan dito:

Ano sa palagay mo ang pangunahing pandiwa (ang pangunahing utos) sa talatang ito?

**MUNTING KAALAMAN**

Ang ating Pahayag ng Misyon (Mission Statement) sa Christ's Commision Fellowship (CCF) ay batay sa Dakilang Komisyon ni Hesu Kristo na nakatala sa Mateo 28:19-20. Mamaya sa aralin na ito, iyong matutuklasan kung ano ang pangunahing pandiwa sa utos na ito, na magsasabi rin sa iyo kung ano dapat ang ating pangunahing pinagkakaabalahan habang tayo ay nabubuhay sa mundong ito. Mahalaga ring ipaalala natin sa ating mga sarili na ang Dakilang Kautusan (Lucas 10:27, Mateo 22:37, Marcos 12:30-31) ang siyang dapat batayan ng ating pagtalima sa Dakilang Komisyon.

## Mga Halimbawa ng mga Kumpanya at ang kani-kanilang mga Pahayag na Misyon

**Google**
Ang isaayos ang mga impormasyon sa mundo at gawin itong pangkalahatang maabot at maging kapakipakinabang.

**Microsoft**
Ang bigyang kakayanan ang mga tao at mga negosyo sa buong mundo na matupad ang kanilang buong potensyal.

**Walt Disney**
Ang pasayahin ang mga tao

**Wal Mart**
Ang bigyan ang mga karaniwang tao ng pagkakataong makabili ng mga bagay na katulad ng sa mga mayayaman

**Jollibee**
Ang maghatid ng napakainam na lasa at kaligayahan sa bawat isa.

**Harvard University (Itinatag noong 1636)**
"Ang maturoan nang malinaw at isaalang-alang mabuti na ang pangunahing layunin ng iyong buhay at pag-aaral ay ang makilala ang Diyos at si Hesukristo."

Ang bawat diploma ay nagtataglay ng ganitong mga salita –
*"Veritas Christo et Ecclesiae"* (Katotohanan para kay Kristo at sa Simbahan)

**Yale University (Itinatag noong 1701)**
Pangunahing Layunin: "Dapat isaalang-alang ng bawat mag-aaral na ang pangunahing kahihinatnan ng kaniyang pag-aaral ay ang makilala ang Diyos sa kay Hesukristo, at may pananagutang tahakin ang maka-Diyos at matinong buhay."

**University Christian Church, NY, 1963**
"Nagsara ang aming negosyo. Hindi namin alam kung ano ang negosyo namin."

# I. Ang Misyon ng CCF

"To Honor God and make Christ-Committed Followers who will make Christ-Committed Followers."

Ang Parangalan ang Diyos at gumawa ng mga masusugid na tagasunod ni Kristo (Christ-committed followers) na gagawa rin ng mga masusugid na tagasunod ni Kristo.

## Ang Misyon ng Bawat Kristiyano

### A. Ang Gumawa ng mga Disipulo

[18]Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. [19]Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."
*Mateo 28:18–20*

**DEPINISYON**

Ang ____________ ay tumutukoy sa kung ano ang ating ginagawa.

Ang ________________ ay larawan ng kung anong mangyayari kung maisasakatuparan natin ang ating misyon.

**ANG KAIBAHAN: MISYON AT PANGITAIN**

| Misyon | Pangitain |
|---|---|
| Pahayag (Statement) | Larawan (Picture, Snapshot) |
| Kung ano ang dapat nating ginagawa | Kung ano ang mangyayari sa hinaharap |
| Nagbibigay-kaalaman | Nagbibigay-inspirasyon |
| Isipan | Puso |
| Una | Ikalawa |

| MISYON | PANGITAIN |
|---|---|
| [19]Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon." **Mateo 28:19–20** | Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. **Pahayag 7:9** |

"Ang tanging bagay na masahol pa sa pagiging bulag ay ang magkaroon ng paningin pero walang pangitain."
("The only thing worse than being blind is having sight but no vision.")
Helen Keller

## II. Ang Pangitain ng CCF

"Our vision is to see a movement of millions of Christ committed followers meeting in small groups, transforming lives, transforming families, transforming communities, and transforming nations, by the power of God and for the glory of God."

"Ang ating pangitain ay ang makita ang isang kilusan ng milyun-milyong masusugid na tagasunod ni Kristo (Christ-committed followers) na nagtitipun-tipon sa mga maliliit na grupo (small groups), nagbabago ng mga buhay, nagbabago ng mga pamilya, nagbabago ng mga komunidad at nagbabago ng mga bansa, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at para sa kaluwalhatian ng Diyos."

## III. Mga Benepisyo ng Isang Malinaw na Misyon at Pangitain

A. Nagpapasya ng ating ______________________________.

B. Pinananatili tayong ______________________________.

C. ______________________ ang ating mga miyembro at pamunuan.

D. Binabawasan ang ____________________________.

E. Nagbibigay inspirasyon sa ________________________.

F. Nakakatulong sa ___________________________.

G. Nagpapakilos sa mga taong magkatulad ang ___________________________.

H. ____________________________ ang organisasyon.

I. ____________________________ ang pagkakaisa.

J. Inihahanda tayo para sa __________________________.

# PAGPAPAHAYAG
## (EXPRESS)

**Maghalinhinan sa inyong grupo na ibahagi ang inyong mga naiisip sa mga sumusunod na puntos ng talakayan:**

1. Batay sa kung ano ang pinag-uukulan ng iyong panahon, pagsisikap at pag-aaring yaman, ano ang inaakala ninyong pangunahing misyon at pangitain sa buhay?

2. Pagdating ng wakas ng inyong buhay, masasabi kaya ninyo na kung anuman ang dahilan ng inyong buhay ngayon ay karapat-dapat para sa pagkamatay ni Kristo? Sa "lapida" sa ibaba, magsulat ng isang maikling inskripsyon o "*epitaph*" na gusto ninyong maghiwatig ng buod ng inyong buhay sa mundo.



# PAGSASABUHAY
## (EXPERIENCE)

1. Bigyan ng antas o grado ang pagkakahanay ng iyong personal na misyon at pangitain sa misyon at pangitain ng CCF (0 – ganap na magkaiba, 10 - ganap na magkahanay o kahalintulad). Kung ang marka mo ay 5 o mas mababa pa rito, paano mo maisasaayos ang personal mong misyon at pangitain upang higit na magkalapit na magkahanay sa misyon at pangitain ng CCF?

   Matapos maglaan ng oras sa pagdarasal at pagmumuni, isulat ang salaysay ng iyong personal na misyon at pangitain na kahanay sa Dakilang Komisyon at ng misyon at pangitain ng CCF. Maglaan ng oras para sa pagdarasal at isulat ang isang simple at tiyak na misyon at pangitain para sa iyong:

   a. Personal na buhay

   b. Karera o propesyon

   c. Pamilya

   d. Ministeryo

2. Kung ang marka mo ay 6 o higit pa, anong susunod na kongkretong hakbang ang dapat mong gawin patungo sa katuparan ng iyong misyon at pangitain na nanggaling sa Diyos at kahanay ng sa CCF. Sumulat ng 2-3 tiyak na puntos ng aksyon (action points) na iyong gagawin sa darating na 30 araw upang higit mong masundan si Hesus, batay sa iyong misyon at pangitain.

IKALAWANG SESYON

# ANG ESTRATEHIYA NG CCF

# PAGSASALIKSIK
(EXPLORE)

Halinhinan ninyong ibahagi sa inyong grupo ang mga sumusunod na puntos:

Sa kasalukuyan, mayroon ka bang mga plano at mga paghahanda para masiguro ang kinabukasan ng iyong pamilya o para sa iyong sariling pagreretiro pagdating ng araw? Anu-ano ang mga paghahandang iyon at paano mo balak isakatuparan ang mga ito?

**MUNTING KAALAMAN**

Karamihan sa atin ay mayroon nang mga plano at mga paghahanda para siguraduhin ang kinabukasan ng ating mga pamilya (pinansyal, pang-edukasyon, pangkalusugan at kung anu-ano pa) at para sa ating sariling pagreretiro sa ating trabaho. Ang mga ito ay mahalaga para sa kaayusan ng ating kinabukasan at ng ating mga mahal sa buhay. Pero hindi ba napakaimportante rin na magplano at maghanda para sa ating espirituwal na paglago patungo sa pagiging katulad ni Kristo na mayroong walang hanggang kahihinatnan? Hindi ba't napakahalaga rin na malaman kung paano tayo uunlad tungo sa pagiging katulad ni Kristo na siya namang layunin ng ating paglalakbay bilang mga alagad? Sa sesyong ito, ating matututunan kung paano tayo tutulungan ng CCF na sumulong sa ating paglalakbay bilang mga disipulo tungo sa pagiging kahalintulad ni Kristo.

## I. Ano ang Estratehiya?

- Isang ___________________ na nagbibigay kakayanan sa atin para matupad natin ang ating misyon at pangitain.
- Naglalayon na dalhin ang bawat miyembro ng CCF mula sa kung nasaan sila ngayon patungo sa kung saan nais ng Diyos na naroon sila.
- Ang misyon ay hindi nagbabago; ang estratehiya ay maaaring magbago.

## II. Ang Paglalakbay Bilang Disipulo sa CCF

**LAYUNIN:** Maging katulad ni Kristo

**PROSESO:**

**ENGAGE** (Pakikipag-ugnay) → **EVANGELIZE** (Pagbahagi ng Ebanghelyo) → **EQUIP** (Pagsasanay) → **EMPOWER** (Pagbigay ng Kakayanan)

## III. Estratehiya

1. **Ang bawat miyembro ay isang __________________.**

   "Ibinigay Niya na maging mga apostol ang ilan, ang ilan ay maging mga propeta, ang ilan ay maging mga mangangaral ng ebanghelyo at ang ilan ay maging mga pastor at mga guro, ito ay para maging handa ang mga banal para sa gawaing paglilingkod at para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo; ito ay hanggang sa maabot nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ng kaalaman sa Anak ng Diyos, hanggang sa tayo ay maging sakdal, hanggang sa tayo ay lumaki sa pinakasukat ng kataasan ng kapuspusan ni Kristo."
   **Efeso 4:11–13**

2. ___________ **na pagsasanay**

"Pagkatapos ng mga bagay na ito, ang PANGINOON ay humirang din ng pitumpung iba pa, at isinugo Niya sila nang dala-dalawa sa Kaniyang unahan, sinugo Niya sila sa bawat lungsod at dako na Kanyang pupuntahan."
**Lucas 10:1**

3. ___________

- Ang pagdidisipulo sa pamamagitan ng maliliit na grupo (Small Group Discipleship) ay ang saligang istraktura at pangunahing ministeryo (ministry) sa CCF.

- Ito ang modelong ginamit ni ____________________.

"At humirang Siya ng labindalawang lalaki upang makasama Niya at suguing mangaral,"
**Marcos 3:14**

"Sila ay matatag na nagpatuloy sa templo araw-araw na nagkakaisa, sila ay nagpuputul-putol ng tinapay sa kanilang mga bahay at tumatanggap ng pagkain na may kasiyahan at kababaang-loob, nagpupuri sa Diyos at kinaluluguran ng lahat ng mga tao. Idinagdag ng PANGINOON sa kapulungan araw-araw ang mga naliligtas."
**Mga Gawa 2:46–47**

**4. __________**

"Narinig mo ang maraming bagay na aking sinabi sa harapan ng maraming saksi, ipagkatiwala mo ang mga bagay na ito sa mga lalaking mapagkakatiwalaan na makakapagturo rin naman sa iba."
**2 Timoteo 2:2**

**A. Mga Benepisyo ng Pagdidisipulo sa Maliit na Grupo (Small Group Discipleship)**

- Relasyon o kaugnayan sa isa't isa
- Hindi umaasa sa isa lamang
- Pananagutan sa isa't isa
- Napagtutuunan ang mga 'blind spots' o mga bagay na hindi nakikita ng tao sa kanyang sarili
- Pagkakaroon ng huwaran o modelo
- Ministeryo ng mga Magkakasama
- Pagpapatibay ng Karakter o Ugali
- Pagkalinga at Pagpalakas ng loob sa isa't isa

# PAGPAPAHAYAG
(EXPRESS)

**Isa-isa ninyong ibahagi sa inyong grupo ang inyong mga saloobin sa mga sumusunod na puntos ng talakayan:**

Ano ba ang anyo ng isang disipulo ni Hesus? Suriin mo ang iyong sarili alinsunod sa mga katangian ng isang disipulo ni Kristo na atin nang tinalakay.

Gamitin ang pamantayan sa ibaba upang suriin ang iyong sarili. Isulat ang bilang na katumbas ng iyong marka sa tabi ng bawat katangian ng isang disipulo ni Kristo.

| Lubos na Sumasang-ayon | Halos Lahat ay Sinasang-ayunan | Halos Lahat ay Hindi Sinasang-ayunan | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |
|---|---|---|---|
| **1** | **2** | **3** | **4** |

- Ako ay higit pa sa isang mananampalataya. ______
- Ako ay isang tapat na alagad. ______
- Ako ay nagiging katulad na ni Kristo sa karakter, pag-uugali at layunin. ______
- Ako ay naging isa nang mangingisda ng tao. ______
- Ako ay nagdidisipulo ng iba na magdidisipulo rin ng iba pa. ______

# PAGSASABUHAY
(EXPERIENCE)

1. Batay sa kung gaano ka na kalayo sa iyong paglalakbay bilang isang disipulo, isulat ang pangalan ng isang tao o isang grupo ng mga tao mula sa iyong pamilya, mga kaibigan, o mga kasama sa trabaho na iyong tutulungan sa pagsulong sa proseso ng pagkakilala kay Hesus at paglago sa pagiging katulad Niya. May mga gabay na katanungan na ibibigay sa iyo para sa bawat hakbang ng paglalakbay bilang isang disipulo:

| **PAKIKIPAG-UGNAY** (ENGAGE) | **PAGBAHAGI NG EBANGHELYO** (EVANGELIZE) | **PAGSASANAY** (EQUIP) | **PAGBIGAY NG KAKAYANAN** (EMPOWER) |
|---|---|---|---|
| Paano ako makikipag-ugnayan sa mga naliligaw ng landas? Sino? | Kanino ko ibabahagi ang ebanghelyo? Kailan? | Sino ang aking sasanayin para magbahagi ng ebanghelyo sa iba? | Sino ang aking "pawalan" para mamuno ng sarili nilang maliit na grupo (Dgroup)? |

2. Ang kurikulum sa pagsasanay ng GLC ay sumusunod sa *'Paglalakbay sa Pagdidisipulo ng CCF'* (CCF Discipleship Journey) dahil binibigyan nito ang isang tao ng kanyang mga kakailanganin upang magpatuloy sa kanyang paglalakbay tungo sa pagiging kahalintulad ni Kristo.

   Nasaan ka sa iyong paglalakbay bilang isang disipulo?

| **PAKIKIPAG-UGNAY** (ENGAGE) | **PAGBAHAGI NG EBANGHELYO** (EVANGELIZE) | **PAGSASANAY** (EQUIP) | **PAGBIGAY NG KAKAYANAN** (EMPOWER) |
|---|---|---|---|

Nasaan ka ngayon sa proseso ng pagsasanay sa GLC (GLC Training Process)?




Ano ang iyong gagawin para mayroong pagkakahanay sa pagitan ng iyong paglalakbay sa pagiging disipulo at sa pagsasanay na iyong natanggap sa pamamagitan ng GLC Training?

IKATLONG SESYON

# PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN 1 (CORE VALUES 1)

# PAGSASALIKSIK
## (EXPLORE)

**"Katulad Lamang Nila Inay at Itay"**

Pumili ng isa o dalawa sa mga sumusunod na tanong na iyong sasagutin. Isa-isang magbahagi ng inyong mga sagot sa grupo.

1. Noong ikaw ay lumalaki, sinong sinasabi ng mga tao na mas kamukha mo sa hitsura o sa personalidad --- ang Nanay mo o ang Tatay mo? Pakipaliwanag.

2. Magbahagi ng isa o dalawang pinahahalagahan mo sa buhay na iyong natutunan mula sa iyong mga magulang at patuloy mong isinasabuhay hanggang ngayong ikaw ay nasa hustong gulang na?

3. Ano sa palagay mo ang ilang mga bagay na maaaring malaman ng iba tungkol sa iyong pamilyang pinanggalingan (mga magulang, mga kapatid) kahit sa pagmamasid lamang sa iyo?

**MUNTING KAALAMAN**

Sa malaking bahagi, kung sino tayo at kung ano ang ating binibigyang halaga bilang mga indibidwal ay sumasalamin sa kung anong uri ng pamilya o organisasyon ang ating kinabibilangan. Bilang mga masugid na tagasunod ni Kristo, ang ating mga buhay ay nararapat lamang na sumalamin sa mga binibigyang halaga ni Hesus na Kanyang isinabuhay at ipinamalas noong Siya ay nabubuhay pa sa mundo ayon sa Banal na Kasulatan. Bilang mga miyembro ng CCF, kung paano natin ipinamumuhay ang ating buhay ay dapat magsalamin sa mga pangunahing pinahahalagahan (core values) na nakatatak (*"encoded"*) sa DNA ng ating simbahan.

## I. Ang Depinisyon ng Pangunahing Pinahahalagahan (Core Values)

Ang mga ______________________ ay naglalarawan ng kung sino tayo at kung paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay upang matupad ang ating misyon-pangitain.

Ang mga pinahahalagahan na pinakaimportante sa isang organisasyon na gumagabay sa proseso nito sa paggawa ng mga desisyon.

Ang Kultura (“Culture”) ng organisasyon.

**Mga Halimbawa ng mga Organisasyon at ang kanilang “Kultura”**

**a. Disney**

- Kaligtasan (Safety)
- Kagalangan (Courtesy)
- Kasayahan (Fun)
- Kahusayan (Efficiency)

**b. Southwest Airlines**

- Mandirigmang Diwa
  (Warrior spirit - magkusa, alagaan ang mga kostomer)
- Puso ng Isang naglilingkod
  (Servant’s heart - tratuhin ang iba nang may paggalang)
- Mapagmahal sa kasayahan na pananaw (Fun-loving Attitude)
- Pababain ang gastos (Bring Cost Down)

**c. Ritz Carlton Hotel**

“Kami ay mga binibini at mga ginoo na naglilingkod sa mga binibini at mga ginoo.”

- Tunay na alaga at ginhawa para sa mga panauhin
- Pinakamainam na serbisyong personal at mga pasilidad
- Tuparin kahit mga hindi sinasabing pagnanais o pangangailangan ng mga panauhin

## II. Mga Pangunahing Pinahahalagahan ng CCF (CCF Core Values)

Mga pinahahalagahan na hango sa Bibliya na ating ginagawa upang matupad ang ating misyon at pangitain:

| | |
|---|---|
| Mahalin ang Diyos, Mahalin ang Kapwa | (**L** ove God, Love Others) |
| Sundin ang Salita ng Diyos at mga Awtoridad | (**O** bey God's Word and Authorities) |
| Magboluntaryo | (**V** olunteer) |
| Iugnay ang Pamilya | (**E** ngage the Family) |

### A. Mahalin ang Diyos, Mahalin ang Kapwa

1. Ang ____________________ utos.

"Sinabi niya: Guro, alin ang pinakadakilang utos sa Kautusan? Sinabi ni Hesus sa kanya: Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo at nang buong pag-iisip mo. Ito ang una at dakilang utos. Ang pangalawa ay katulad din nito: Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang lahat ng bagay na nasa mga Kautusan at sa mga Propeta."
**Mateo 22:36-40**

"Anong pakinabang ang maaasahan ninyo kung iniibig ninyo ang mga umiibig sa inyo? Ito ay sapagkat ang mga makasalanan ay umiibig din sa mga umiibig sa kanila. Anong pakinabang ang maaasahan kung gumagawa kayo nang mabuti sa kanila na gumagawa nang mabuti sa inyo? Ito ay sapagkat gayundin ang ginagawa ng mga makasalanan."
**Lucas 6:32–33**

"Sinasabi ko sa inyo na nakikinig: Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo nang mabuti ang mga napopoot sa inyo,

sabihin ninyo ang mabubuti sa mga nanunungayaw sa inyo, ipanalangin ninyo sila na umaalipusta sa inyo."
**Lucas 6:27–28**

2. Ang pag-ibig ay ang ating ___________________.

   "Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo, kayo ay mag-ibigan sa isa't isa. Kung papaanong inibig ko kayo ay gayundin din naman kayong mag-ibigan sa isa't isa. Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, ito ay kung may pag-ibig kayo sa isa't isa.
   **Juan 13:34–35**

3. Ang pag-ibig ay ang __________________________.

   "Kaya nga, ang lahat ng bagay na ibig ninyong gawin ng mga tao sa inyo ay gayundin ang gawin ninyo sa kanila sapagkat ito ang kabuuan ng Kautusan at ng mga Propeta."
   **Mateo 7:12**

   - Ang mahalin ang Diyos ay ang kabuuan ng lahat ng mga tungkuling moral

   - Ang mahalin ang kapwa ay ang kabuuan ng lahat ng mga etikang moral.

4. Ang pag-ibig ay lubos na naisasagawa sa mga ____________.
   - Palakasin ang loob ng bawat isa
   - Pasiglahin ang isa't isa na magmahal at paggawa nang mabuti
   - Pagpayuhan ang isa't isa
   - Bigyang ginhawa o aliw ang isa't isa
   - Maglingkod sa isa't isa

5. Ang pangangailangan para sa isang maliit na grupo (small groups)

   “at isaalang-alang natin na magpalakasan tayo ng loob sa isa’t isa patungo sa pag-ibig at mga mabubuting gawa, huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipun-tipon katulad ng iba na may ganyang kaugalian, sa halip palakasin natin ang loob ng isa’t isa; lalo na, na inyong nakikita na nalalapit na ang araw.” **Hebreo 10:24–25**

# PAGPAPAHAYAG
## (EXPRESS)

Mag-isang sagutin ang mga tanong na pangmumuni, pagkatapos ay ibahagi ang iyong matapat na pagtantiya at mga ideya sa iyong grupo.

a. Mayroon bang sinoman o anoman sa aking buhay na nakikipag-agawan sa aking pagmamahal para sa Diyos?

b. Ang pagmamahal bang ipinakikita ko sa aking pamilya, mga kaibigan at katrabaho ay hindi nagbabago o nagmamaliw?

c. Ako ba ay nagtsitsismis? Ako ba ay nagsasabi ng katotohanan na mayroong pagmamahal?

d. Antasan ang iyong sarili batay sa kung gaano mo isinasabuhay ang mga pangunahing pinahahalagahan (core value) na ito:

**Mahalin ang Diyos, Mahalin ang Kapwa**

| **1**<br>Hindi Totoo | **2**<br>Medyo Totoo | **3**<br>Totoo | **4**<br>Totoong-Totoo |
|---|---|---|---|

# PAGSASABUHAY
## (EXPERIENCE)

Magbigay ng isa hanggang dalawang puntos ng pagkilos (action points) na iyong gagawin sa mga susunod na dalawang linggo upang higit mong maisabuhay ang pangunahing pinahahalagahan (core value) sa ibaba:

1. Pangunahing Pinahahalagahan (Core Value) 1:
   Mahaling ang Diyos, Mahalin ang Kapwa
   *Puntos ng Pagkilos (Action Points):*

IKAAPAT NA SESYON

# PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN 2 (CORE VALUES 2)

# PAGSASALIKSIK
## (EXPLORE)

Ibahagi sa grupo ang ilan sa iyong personal na pangunahing pinahahalagahan sa buhay (core values) na napakaimportante na sa iyo bago ka pa man naging isang Kristiyano. Paano ka nagkaroon ng ganoong mga pangunahing pinahahalagahan sa buhay at ano ang mga nabago sa mga iyon nang ikaw ay naging isang mananampalataya? Para sa iyo, ano na ang kahulugan ngayon ng mga bagong pangunahing pinahahalagahan mo sa buhay?

**MUNTING KAALAMAN**

Tayong lahat ay may pinanghahawakang mga pangunahing pinahahalagahan sa buhay na ating nakuha at napalawig sa ating pamamalagi dito sa mundo, positibo o negatibo man depende sa ating mga naging karanasan. Subalit nang nakilala natin ang Panginoon at isinuko natin ang ating buhay sa Kanya, ang mga pangunahing pinahahalagahan natin sa buhay ngayon ay dapat lamang na yaong mga pinahahalagahan ni Kristo. Iyan ang tunay na kahulugan ng pagiging tagasunod ni Kristo. Sa sesyong ito, atin ding higit na matututunan ang mga pangunahing pinahahalagahan na mayroon tayo bilang isang pamayanan ng mga mananampalataya na dapat din nating isabuhay upang maging isang tunay na tagasunod ni Kristo.

**B. Sundin ang Salita ng Diyos at mga Awtoridad**

**1. Sundin ang Salita ng Diyos**

"Sa pamamagitan nito ay nalalaman natin na iniibig natin ang mga anak ng DIYOS kung iniibig natin ang DIYOS at sinusunod ang Kaniyang mga utos. **Ito ang pag-ibig ng DIYOS,** na **tuparin natin ang Kaniyang mga utos** at ang Kaniyang mga utos ay hindi mabigat."
**1 Juan 5:2–3**

"Sumagot si Hesus at sinabi sa kaniya, **'Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking mga salita;** at siya ay iibigin ng Aking Ama, at Kami ay pupunta sa kaniya at mananahanan na kasama niya. **Ang hindi umiibig sa Akin ay hindi tumutupad sa Aking mga salita;' ...."**
**Juan 14:23–24**

"Kinasihan ng DIYOS ang bawat kasulatan at ang mga ito ay mapakikinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, sa pagsasanay sa katuwiran; ito ay upang ang tao ng DIYOS ay maging ganap, na naihandang lubos sa mga mabubuting gawa."
**2 Timoteo 3:16–17**

**2. Sundin ang mga isinugo ng DIYOS na mga ___________________.**

"Ang bawat isa ay dapat magpasakop sa nakakataas na kapamahalaan maliban doon sa nagmula sa DIYOS at ang mga kapamahalaang iyon ay itinakda ng DIYOS. Kaya nga, ang sinumang sumasalungat sa kapamahalaan ay tumatanggi sa batas na mula sa DIYOS; ang mga tumatanggi ay makakatanggap ng kahatulan sa kanilang sarili."
**Mga Taga-Roma 13:1–2**

- **Awtoridad ng mga Magulang**

  "Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sa PANGINOON dahil ito ay matuwid. Igalang ninyo ang inyong ama at ina (ito ang unang utos na may pangako), gawin ninyo ito upang maging mabuti para sa inyo at kayo ay mamuhay nang matagal sa lupa."
  **Mga Taga-Efeso 6:1–3**

- **Awtoridad ng Asawang Lalaki**

  "Mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyo-inyong asawa gaya nang pagpapasakop ninyo sa PANGINOON.
  **Mga Taga-Efeso 5:22**

- **Maypagawa o Amo**

  "Mga katulong, magpasakop kayo na may buong pagkatakot sa inyong mga amo, gawin ninyo ito hindi lamang sa mababait at mahinahon kundi sa mga liko rin."
  **1 Pedro 2:18**

- **Namumuno sa Simbahan**

  "sundin ninyo ang mga nangangasiwa sa inyo at magpasakop kayo sa kanilang pamamahala sapagkat iniingatan nilang patuloy ang inyong mga kaluluwa bilang mga magbibigay sulit para sa inyo. Sundin ninyo sila upang magawa nila itong may kagalakan at hindi nang may kahapisan, sapagkat ito ay hindi magiging kapakipakinabang sa inyo."
  **Hebreo 13:17**

- **Gobyerno o Pamahalaan**

  "Magpasakop kayo sa bawat pamahalaang itinatag ng tao alang-alang sa PANGINOON, magpasakop kayo maging sa hari na siyang pinakamataas na pinuno... Ito ay sapagkat ang kalooban ng DIYOS na sa paggawa

ninyo nang mabuti ay mapatahimik ninyo ang walang kabuluhang salita ng mga taong mangmang."
**1 Pedro 2:13,15**

3. **Ang pagsunod ay ______________________ ng ating pananampalataya.**

   Tayo ay naniniwalang ang DIYOS ay _____________ sa anomang awtoridad ng tao.

   "Ang puso ng hari ay nasa kamay ng PANGINOON na parang mga batis; kumikiling saan man Niya ibigin."
   **Mga Kawikaan (Proverbs) 21:1**

4. **Mga eksepsyon sa pagsunod sa mga awtoridad**

   Palaging sumunod, maliban na lamang kung ito ay maliwanag na taliwas sa Salita ng Diyos.

   "Si Pedro at ang mga apostol ay sumagot at sinabi, 'Kinakailangan naming sundin ang DIYOS kaysa ang mga tao'."
   **Mga Gawa 5:29**

5. **Mga Pagpapala ng Pagsunod**

   - Para sa ating proteksyon
   - Para sa ating patnubay
   - Para malaman ang kalooban ng DIYOS
   - Para sa ating karakter o likas na pag-uugali
   - Para sa ating espirituwal na paglago – pananampalataya

# PAGPAPAHAYAG
## (EXPRESS)

Mag-isang sagutin ang mga tanong na pangmumuni, pagkatapos ay ibahagi ang iyong matapt na pagtiyansa at mga ideya sa iyong grupo.

a. Gaano ba ako kadalas magbasa ng at magnilay sa Bibliya?

b. Ako ba ay nagtitiwala at sumusunod sa mga iniuutos ng Bibliya?

c. Ano ba ang aking saloobin tungo sa mga awtoridad o mga namumuno sa akin?

d. Antasan ang iyong sarili batay sa kung paano mo isinasabuhay ang pangunahing pinahahalagahan na ito:

**Sundin ang Salita ng DIYOS at mga Awtoridad**

| **1**<br>Hindi Totoo | **2**<br>Medyo Totoo | **3**<br>Totoo | **4**<br>Totoong-Totoo |
|---|---|---|---|

**C. Magboluntaryo (Volunteer)**

1. Ang paglilingkod ay dumadaloy mula sa _______________.

   "Ngayon mga kapatid, tinawag kayo ng DIYOS upang kayo ay maging malaya; huwag lamang ninyong gamitin ang inyong kalayaan na maging pagkakataon para sa makalamang pita, sa halip sa pamamagitan ng pag-ibig ay maglingkod kayo sa isa't isa."
   **Mga Taga-Galacia 5:13**

2. Tayo ay ___________________________ upang maglingkod.

   "Ito ay sapagkat tayo ay Kanyang mga likha na nilikha ng DIYOS kay Kristo Hesus para sa mga mabuting gawa, na inihanda ng DIYOS noong una na dapat nating ipamuhay."
   **Mga Taga-Efeso 2:10**

3. Tayo ay __________________________ upang maglingkod.

   "Ayon sa biyayang tinanggap ninyo ay ipaglingkod ninyo sa inyong kapwa, maglingkod kayo gaya ng mabuting katiwala sa masaganang biyaya ng DIYOS."
   **1 Pedro 4:10**

4. Ang bawat miyembro ay dapat ______________________.

   "Ibinigay Niya na maging apostol ang ilan, ang ilan ay maging mga propeta, ang ilan ay maging mga mangangaral ng ebanghelyo at ang ilan ay maging mga pastor at mga guro, ito ay upang maging handa ang mga banal para sa gawaing paglilingkod at para sa ikatitibay ng katawan ni Kristo."
   **Mga Taga-Efeso 4:11–12**

5. Ang bawat miyembro ay isang ________________________.

   "Ngunit kayo ay isang lahing hinirang, makaharing pagkasaserdote, isang bansang banal at taong pag-aari ng DIYOS, ito ay upang ipahayag ninyo ang Kaniyang kadakilaan na Siya rin naman ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa Kaniyang kamangha-manghang kaliwanagan."
   **1 Pedro 2:9**

6. Magboluntaryo na maglingkod gamit ________________________.

   1. Panahon
   2. Talento
   3. Kayamanan
   4. Impluwensiya

# PAGPAPAHAYAG
## (EXPRESS)

Mag-isang sagutin ang mga tanong na pangmumuni, pagkatapos ay ibahagi ang iyong matapt na pagtiyansa at mga ideya sa iyong grupo.

a. Ako ba ay aktibong nakikibahagi sa kahit anong ministeryo ng CCF at/o sa aking maliit na grupo?

b. Ako ba ay nagdidisipulo ng kahit isang tao?

c. Antasan ang iyong sarili batay sa kung paano mo isinasabuhay ang pangunahing pinahahalagahan na ito:

**Magboluntaryo**

| **1**<br>Hindi Totoo | **2**<br>Medyo Totoo | **3**<br>Totoo | **4**<br>Totoong-Totoo |
|---|---|---|---|

**D. Iugnay ang Pamilya**

1. Ang pagdidisipulo ay ____________________ sa tahanan.

“Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at mga kahatulan, na iniuutos ng PANGINOON ninyong DIYOS na ituro sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin, na ikaw ay matakot sa PANGINOON mong DIYOS, na iyong ingatan ang lahat Niyang mga palatuntunan at ang Kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay, at upang ang iyong mga araw ay lumawig.”
**Deuteronomio 6:1–2**

“Dinggin mo, O Israel! Ang PANGINOON nating DIYOS, ay isang PANGINOON! At iyong iibigin ang PANGINOON mong DIYOS nang iyong buong puso, at nang iyong buong kaluluwa, at nang iyong buong lakas. At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay sasaiyong puso. At iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon.”
**Deuteronomio 6:4–7**

“Namamahalang mabuti ng kaniyang sariling sambahayan, na sinusupil ang kaniyang mga anak na may buong kahusayan (ngunit kung ang sinuman nga ay hindi marunong mamahala sa kaniyang sariling sambahayan, paanong makapamamahala sa iglesia ng DIYOS.”
**1 Timoteo 3:4–5**

2. Ang mga lider o namumuno ay dapat magkaroon ng isang malusog na buhay _____________________.

“Maging asawa ang mga diakono ng tig-iisa lamang na babae, na pamahalaang mabuti ang kanilang mga anak at ang

kanilang mga sariling sambahayan.
**1 Timoteo 3:12**

3. Ang mga mag-asawa ay dapat nagmomodelo ng ________________ nang magkasama bilang isang koponan.

   “Siya ay nagpasimulang magsalita nang buong katapangan sa sinagoga. Nang marinig siya nina Priscilla at Aquila, siya ay isinama nila. Ipinaliwanag nilang maingat sa kaniya na walang kamalian ang daan ng PANGINOON.”
   **Mga Gawa 18:26**

4. Ang relasyong pangpamilya ay ___________________.

   “Huwag mong sawayin ang isang matanda, sa halip, hikayatin mo siya nang may katapatan tulad sa isang ama, gayundin naman sa mga nakakabatang lalaki, na tulad sa mga kapatid, hikayatin mo nang may katapatan ang matatandang babae na tulad sa mga ina, at ang mga nakakabatang babae na tulad sa mga kapatid na babae nang buong kalinisan.”
   **1 Timoteo 5:1–2**

5. Ang isang malusog na pamilya ay nagtitiyak ng isang espirituwal na pamana at nagbibigay ng ______________ sa DIYOS.

   “Siya ay nagpasimulang magsalita nang buong katapangan sa sinagoga. Nang marinig siya nina Priscilla at Aquila, siya ay isinama nila. Ipinaliwanag nilang maingat sa kaniya na walang kamalian ang daan ng PANGINOON.”
   **Mga Gawa 18:26**

“Ang ilaw na nagliliwanag ng pinakamalayo
ay pinakamaningning magliwanag sa tahanan.”
(“The light that shines farthest shines brightest at home.”)
C. T. Studd

# PAGPAPAHAYAG
## (EXPRESS)

Mag-isang sagutin ang mga tanong na pangmumuni, pagkatapos ay ibahagi ang iyong matapat na pagtiyansa at mga ideya sa iyong grupo.

a. Ako ba ay intensyonal sa pagdidisipulo at paglalaan ng panahon sa aking pamilya?

b. Ako ba ay mabuting modelo sa pagtuturo ng mga pinahahalagahan na hango sa Bibliya?

c. Ang aking mga anak ba ay nagpaparangal at naglilingkod sa Panginoon?

d. Antasan ang iyong sarili batay sa kung paano mo isinasabuhay ang pangunahing pinahahalagahan na ito:

**Iugnay ang Pamilya**

| **1**<br>Hindi Totoo | **2**<br>Medyo Totoo | **3**<br>Totoo | **4**<br>Totoong-Totoo |
|---|---|---|---|

# PAGSASABUHAY
(EXPERIENCE)

Kilalanin kung alin sa mga pangunahing pinahahalagahan (core values) na ating pinag-aralan sa leksyong ito ang kailangan mong pagsanayan pa. Magbigay ng 1-2 tiyak na puntos ng pagkilos (action points) na iyong gagawin sa susunod na dalawang linggo upang higit mong maisabuhay ang huling tatlong pangunahing pinahahalagahan (core values).

1. Pangunahing Pinahahalagahan 2:
   Sundin ang Salita ng DIYOS at mga Awtoridad
   *Puntos ng Pagkilos (Action Points):*

2. Pangunahing Pinahahalagahan 3: Magboluntaryo
   *Puntos ng Pagkilos (Action Points):*

3. Pangunahing Pinahahalagahan 4: Iugnay ang Pamilya
   *Puntos ng Pagkilos (Action Points):*

## PAGKAKASAPI SA CCF (CCF Membership)

Matapos daanan ang CCF DNA modyul, hinahamon ka namin at ang mga miyembro ng iyong DGroup (kung ikaw ay isang DGroup Leader) na mangakong maging bahagi ng pamilya ng CCF. Matapos mong matutunan ang Misyon, Pangitain at Pangunahing Pinahahalagahan ng CCF, ikaw ay handa nang magpatuloy sa susunod na hakbang sa paglalakbay mo sa pagdidisipulo (discipleship journey) at ito ay ang pagiging isang miyembro o kasapi ng CCF. Kami ay umaasa na daraanan mo ang lahat ng mga ito bilang tanda ng iyong pangakong maging isang miyembro ng CCF:

A. Buong-pusong tanggapin ang Kasunduan sa Pagkakasapi (Membership Covenant). Pakipasa ang iyong nilagdaang aplikasyon para maging miyembro.

B. Mangakong dadalo sa mga modyul at programa ng GLC.

C. Sumali sa mga seminar para sa pagsasanany sa CCF, mga "retreat," klase at iba pang mga kaganapan (events).

D. Sumali sa pag-aaral tungkol sa bawtismo sa tubig at magpabawtismo, kung hindi mo pa ito nagagawa.

E. Sumama sa isang maliit na grupo (Dgroup) para sa espirituwal na paglago at maglingkod sa mga ministeryo ng CCF.

F. Palaging dumalo sa mga pagsamba (worship services) at mag-anyaya ng iba na dumalo din.

Ipasa ang form na ito sa GLC.

CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

# Membership Survey Form

LAST NAME (APELYIDO), FIRST NAME (PANGALAN), MIDDLE NAME (GITNANG PANGALAN)

HOME ADDRESS (TIRAHAN)

| CELL PHONE NUMBER | OFFICE NUMBER | RESIDENCE NUMBER |
|---|---|---|
| | | |

| CIVIL STATUS (KATAYUANG SIBIL) | E-MAIL ADDRESS |
|---|---|
| | |

DUMADALO NG MGA PAGSAMBA SA CCF NG: _____ linggo _____ buwan _____ taon

MIYEMBRO NG DGROUP? ☐ Oo ☐ Hindi

KUNG MIYEMBRO NG DGROUP, ILAGAY ANG PANGALAN NG LIDER: ______________________

PAANO MO NALAMAN ANG TUNGKOL SA CCF? ☐ Walk-in ☐ Bible Study ☐ Small Group ☐ Retreat ☐ Naimbitahan

KUNG INIMBITAHAN, PANGALAN NG TAONG NAG-IMBITA SA IYO: ______________________

CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

## Kasunduan ng Pagkakasapi (Membership Covenant)

Matapos kong tanggapin si Kristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas, ako ay ginabayan ng Banal na Espiritu na pormal kong ipagkasundo ang aking sarili sa DIYOS at makiisa sa iba pang miyembro ng pamilya ng CCF upang gawin ang mga sumusunod:

1. Ako ay susunod kay Hesukristo sa pamamagitan ng pagkilala, pagmamahal, pagtalima at pagbibigay puri sa Kaniyang pangalan. (2 Pedro 3:18, Marcos 12:30, Juan 14:15, 1 Taga-Corinto 10:31)

2. Ako ay sasali sa isang grupo ng pagdidisipulo (Discipleship Group), makikisalamuha sa ibang mananampalataya, magsisimba sa DIYOS sa CCF at hindi magtsitsismis. (Mga Gawa 2:42, Salmo 95:6-7, Mga Taga-Efeso 4:29)

3. Ako ay makikilahok sa pagsasakatuparan ng Misyon at Pangitain ng CCF, aking isasabuhay ang mga pangunahing pinahahalagahan (core values) nito, habang buong-puso kong niyayakap ang Pahayag ng Pananalig (Statement of Faith) nito, at susundin ang kaniyang estratehiya sa paggawa ng mga masugid na tagasunod ni Kristo (Christ-committed followers) na gagawa rin ng mga masugid na tagasunod ni Kristo. (Hebreo 13:17, 1 Timoteo 2:1-2, Mga Taga-Efeso 4:11-12, 2 Mga Taga-Corinto 9:7)

PANGALAN: ______________________________

LAGDA SA ITAAS NG NAKA-IMPRENTANG PANGALAN
(Signature over Printed Name)

PETSA: ______________________________

# ANO ANG SUSUNOD?

## BOOK 5: STARTING POINT FOR SMALL GROUPS

Ikaw ngayon ay iilang hakbang na lamang mula sa pagkompleto ng *GLC 1 Essentials Training.*

Upang makompleto at magpatuloy sa GLC 2 Essentials Training (Books 5 to 8), pakitupad ang mga sumusunod:

- Tapusin ang Books 1-4 (kung ito ay ginawa sa iyong grupo, ang Dgroup lider ay gagamit ng *GLC in Small Groups Accreditation Form*)
- Magparehistro bilang isang miyembro ng Dgroup sa DM *(Discipleship Management)*
- Gawin ang GLC 1 Life App
- Dumalo sa *True Life (Encounter 1) Retreat*

Kami ay naghihimok sa iyo na magpatuloy sa iyong pagsasanay sa *GLC Book 5: Starting Point for Small Groups*, ito ay mas lalong magbibigay sa iyo ng pananaw na hango sa Bibliya sa kung paano ang paggawa ng mga disipulo, pati na rin sa pagmulat sa iyo sa iyong gampanin sa buhay ng iyong kasalukuyan at darating pang mga disipulo.

Maraming salamat at nawa ang Diyos ay patuloy na payamanin ang iyong espiritwal na paglalakbay sa pamamagitan ng GLC!

## APPENDIX A
# MGA KASAGUTAN (ANSWER KEY)

## **UNANG SESYON:** Misyon at Pangitain (Mission and Vision)

### EXAMINE (PAGSUSURI)

### DEPINISYON

Ang **Misyon** ay tumutukoy sa kung ano ang ating ginagawa.

Ang **Pangitain** ay larawan ng kung anong mangyayari kung maisasakatuparan natin ang ating misyon.

### III. MGA BENEPISYO NG ISANG MALINAW NA MISYON AT PANGITAIN

A. Nagpapasya ng ating **prayoridad**.
B. Pinananatili tayong **nakatuon (focused)**.
C. **Pinaghahanay (Aligns)** ang ating mga miyembro at pamunuan.
D. Binabawasan ang **pagkabigo (frustration)**.
E. Nagbibigay inspirasyon sa **pakikipagtulungan (cooperation)**.
F. Nakakatulong sa **pagsusuri (evaluation)**.
G. Nagpapakilos sa mga taong magkakatulad ang **kaisipan (like-minded)**.
H. **Pinoprotektahan** ang organisasyon.
I. **Itinataguyod** ang pagkakaisa.
J. Inihahanda tayo para sa **walang hanggan (eternity)**.

## **IKALAWING SESYON:**
Ang Estratehiya ng CCF (CCF Strategy)

### EXAMINE (PAGSUSURI)

### I. ANO ANG ESTRATEHIYA?

- Isang **plano ng aksyon o pagkilos** na nagbibigay kakayanan sa atin para matupad natin ang ating misyon at pangitain.

### III. ESTRATEHIYA

1. Ang bawat miyembro ay isang **tagadisipulo**.
2. **"On-the-job"** na pagsasanay
3. **Mga Maliit na Grupo (Small Groups)**
   - Ang pagdidisipulo sa pamamagitan ng maliliit na grupo (Small Group Discipleship) ay ang saligang istraktura at pangunahing ministeryo (ministry) sa CCF.
   - Ito ang modelong ginamit ni **Hesus**.
4. **Pagpaparami**

## IKATLONG SESYON:
Mga Pangunahing Pinahahalagahan 1 (Core Values 1)

### EXAMINE (PAGSUSURI)

### I. DEPINISYON NG PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN (CORE VALUES)

**Ang mga Pangunahing Pinahahalagahan (Core Values)** ay naglalarawan ng kung sino tayo at kung paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay upang matupad ang ating misyon-pangitain.

### II. MGA PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN NG CCF (CCF CORE VALUES)

**A. Mahalin ang DIYOS, Mahalin ang Kapwa**

1. Ang **pinakadakilang (greatest)** utos.
2. Ang pag-ibig ay ang ating **pinakamabisang patotoo (most effective witness)**.
3. Ang pag-ibig ay ang **kabuuan ng kautusan (sum of the law)**.
4. Ang pag-ibig ay lubos na naisasagawa sa mga **maliliit na grupo (small groups)**.

## **IKAAPAT NA SESYON:**
Mga Pangunahing Pinahahalagahan 2 (Core Values 2)

### **EXAMINE (PAGSUSURI)**

**B. Sundin ang Salita ng DIYOS at ang mga Awtoridad**

2. Sundin ang mga isinugo ng DIYOS na mga **awtoridad**.
3. Ang pagsunod ay **nakakapagpalawak** ng ating pananampalataya. Tayo ay naniniwalang ang DIYOS ay **mas mataas** (sovereign) sa anumang awtoridad ng tao.

**C. Magboluntaryo**

1. Ang paglilingkod ay dumadaloy mula sa **pag-ibig**.
2. Tayo ay **naligtas** upang maglingkod.
3. Tayo ay **biniyayaan (ng talino, lakas, talento at iba pa)** upang maglingkod.
4. Ang bawat miyembro ay dapat **sanayin**.
5. Ang bawat miyembro ay isang **naglilingkod sa ministeryo at nagdidisipulo**.
6. Magboluntaryo na maglingkod gamit **ang kung anoman na mayroon ka**.

**D. Iugnay ang Pamilya**

1. Ang pagdidisipulo ay **nagsisimula** sa tahanan.
2. Ang mga lider o namumuno ay dapat magkaroon ng isang malusog na buhay **pangtahanan**.
3. Ang mga mag-asawa ay dapat nagmomodelo ng **paglilingkod** nang magkasama bilang isang koponan.
4. Ang relasyong pangpamilya ay **pangunahing pundasyon (foundational)**.
5. Ang isang malusog na pamilya ay nagtitiyak ng isang espirituwal na pamana at nagbibigay ng **parangal** sa DIYOS.

**APENDIX B**

## ANG PAHAYAG NG PANANALIG NG CCF
### (CCF STATEMENT OF FAITH)

# GOD

We believe that there is only one God, eternally existent as three persons: Father, Son, and Holy Spirit. He is the creator of heaven and earth, independent of His creation, and is sovereign, all-knowing, all-powerful, all-present, unchanging, just, loving, completely truthful, and holy.

*(Genesis 1:1, 26, 27; Psalm 90:2; Matthew 28:19; 1 Peter 1:2; 2 Corinthians 13:14; Isaiah 6:3; Titus 1:2; John 3:16; 1 Chronicles 29:11–12; Malachi 3:6; James 1:17; Jeremiah 23:23–24)*

# JESUS CHRIST

We believe that Jesus Christ in the flesh was both God and man. That He was conceived by the Holy Spirit, and that He was born of a virgin. He lived a sinless life. He was crucified, and He died to atone for our sins. By His blood, the Lord Jesus Christ made a perfect sacrifice for sin once and for all time.

He was raised from the dead on the third day. Later, He ascended to the Father's right hand where He reigns as the head of the church and intercedes for believers. We believe He is coming again, bodily and visibly, to the earth to set up His kingdom, and to judge the living and the dead.

*(Matthew 1:22–23; Isaiah 9:6; John 1:1–5,14; Hebrews 4:14–15, 1 Corinthians 15:3–4; Romans 1:3–4; Acts 1:9–11; 1 Timothy 6:14–15; Titus 2:13; Ephesians 1:22; Hebrews 7:25)*

# HOLY SPIRIT

We believe that the Holy spirit is God and possesses all divine attributes. He indwells all believers and baptizes them all at the moment they trust in Jesus Christ to be their only Savior and Lord. He empowers all true believers to live the Christian life resulting in their obedience, confession of sins, and submission to Him.

*(Romans 8:9–11; 2 Corinthians 3:17; John 16:7–13; Acts 1:8; 1 Corinthians 3:16; 1 Corinthians 12:12; Ephesians 1:13; Galatians 5:25; Ephesians 5:18)*

# THE BIBLE

We believe that the Bible (66 books, 39 Old Testament books and 27 New Testament books) is the Word of God — supernaturally inspired, inerrant, and infallible. It is our supreme authority in all matters of doctrine and conduct. We also affirm its sufficiency, clarity, and necessity for genuine Christian living.

*(2 Timothy 3:16; 2 Peter 1:20–21; Psalms 119:105; Psalms 19:7–11; Proverbs 30:5)*

# SALVATION

We believe that salvation, with its forgiveness of sins and impartation of a new nature, is a free gift of God. Those who trust in Jesus Christ to be their only Savior and Lord have eternal life. It is given by God's grace and cannot be earned through good works, baptism, church membership, or any other means.

### EVERY CHRISTIAN'S MISSION

We believe that it is God's will and command for every Christian to be actively engaged in telling others how to establish a personal relationship with God through faith in Jesus Christ, and in discipling those who respond to the good news of salvation.

### GOOD WORKS

We believe that good works are not the means to salvation but the expected byproduct in the life of a true believer in Christ. The evidence of true salvation and true faith is good works and changed lives. It is every believer's responsibility to pursue a life of good works through the power of the Holy Spirit.

*(2 Timothy 1:7–8, 4:2; 2 Corinthians 5:19–20; Matthew 28:19–20; Romans 6:23; Ephesians 2:8–9; John 14:6; John 1:12; Titus 3:5; Galatians 3:26; Romans 5:1; Ephesians 2:8–10; Galatians 6:9–10; Matthew 5:16; 1 Timothy 6:18)*

# CHURCH

We believe that the church is the Body of Christ, a fellowship of all true believers who confess Jesus Christ as the Lord and Savior, called by God to live in the unity of the Spirit, to worship God, and to make disciples of all nations. The church exists both as a local congregation and a universal

body of Christ. We believe that Jesus Christ instituted two sacraments (ordinances): baptism and The Lord's Supper.

### BAPTISM

Water baptism by immersion is an act of obedience to Christ's command. It is a public confession of our personal faith in Jesus Christ. As Christ died for us, we were raised from death; we walk in newness of life with Him.

### LORD'S SUPPER

The Lord's Supper is an act of proclamation of Christ's death until He comes, and an opportunity for examining ourselves and living worthily to honor Christ.

*(Ephesians 5:25–27; Philippians 2:1; Ephesians 4:12–13; Ephesians 1:12; Matthew 28:19–20; Mark 1:9; Colossians 2:12; Romans 6:3–4; 1 Corinthians 11:24–32; Matthew 26:26–29; John 6:53–57; 1 Corinthians 1:2; Matthew 16:18)*